

INTERNATIONAL NAPASA (March 11th 2025)

1)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

しょうなんベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa March 16 (Sunday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **VISSEL KOBE** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

2)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

さかなちよくばいかい 魚 直売会のお知らせ

Sa March 22 (Saturday) ay magkakaroon ng direktang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Dito ay magbebenta rin ng mga lokal na gulay. Ang mga sariwang isda ay mag-uumpisa ng pagbebenta mula 3:00 ng hapon. Ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 (0463-21-0146)**.

3)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

はちまんやま 洋館でのコンサートのお知らせ

Sa March 19 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng **“Saxophone Concert”** at mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon at isasagawa naman ang Spring Concert na may title na **“Tokimeku Haru”**.

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114)**.

4)UKOL SA PAG-PROSESO NG WALANG MGA PAPEL NADOKUMENTO SA

しやくしょでの手続きのペーパレス化についてのお知らせ

Mula noong February 4 ay nagsimula na ang bagong sistema sa Hiratsuka City Office na tinatawag **“Non-Writing Counter”**. Ang **“Non-Writing Counter** na ito ay sistema na halimbawa ay magpo-proseso ng Residence Certificates ay hindi na kinakailangan pang magsulat ng application form, sa halip ay derestong sabihin sa staff na nasa counter ang mga kinakailangang impormasyon, matapos mai-record sa computer ang mga kinakailangang impormasyon ay tapos na rin ang iyong pagproseso. Subalit hindi lahat ng mga gustong i-proseso ay maaari dito sa **“Non-Writing Counter”**. Ang mga listahan ng

mga serbisyo na sakop nito ay makikita sa Website ng Hiratsuka City Office. Para sa iba pang inormasyon ay makipag-alam sa **DIGITAL PROMOTION DIVISION (DEIJITARU SUISHIN KA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-20-8804 (0463-20-8804)**.

5)TULONG PINANSIYAL SA SAMBAHAYANG EXEMPTED SA RESIDENCE TAX

じゅうみんぜい ひかぜい せたい きゅうふきん し
住民税 が非課税の世帯への 給付金のお知らせ

Ang gobyerno ay magbibigay ng tulong pinansiyal sa mga sambahayang hindi nagbabayad ng residence tax bilang bahagi ng hakbang upang labanan ang pagtaas ng presyo ng mga bilingin.

Makakatanggap ang bawat sambahayan ng nagkakahalaga ng ¥30000. Ang sambahayan na may mga anak ay may karagdagang ¥20000 bawat bata. At para sa mga taong nakatanggap na ng parehong tulong pinansiyal ay padadalhan ng abiso bago matapos ang buwan ng Pebrero. Ang tulong na ito ay matatanggap sa buwan ng Marso. Para sa mga unang pagkakataon na tatanggap ng tulong ay kailangang magsumite ng aplikasyon. Para sa iba pang katanungan ay tumawag lamang sa **SUBSIDY CALL CENTER (KYUFUKIN CALL CENTER)**. Telephone Number **0120-611-691 (0120-611-691)**.